

SAINT BLASE, BISHOP AND MARTYR

c. early Fourth Century

February 3—Optional Memorial

Patron Saint of wool combers and sufferers of throat diseases

The obscure memory of an early bishop-martyr endures

A secularist does not evaluate religion on its own terms but on its practical benefits. Is a religion true? It doesn't matter. But if you can prove that empty stomachs are now full, that malarial fevers are cooled, and that formerly dusty roads are now paved due to religion, then religion is indeed useful and good, all truth claims aside. Religion's role in physical healing would be another proof of its great good, if not its truth. For all the incontestable progress of medicine, cancers still spread, tumors still grow, and infections still poison. Even the most modern of moderns, in a state of total vulnerability, understands in his deepest of deeps that physical healings surge from sources other than modern science. PhDs wash in the River Ganges, rocket scientists lower their bodies into the cool baths of Lourdes, and surgeons spread sacred oil on their skin hoping against hope for a cure that has eluded them.

The memory of Saint Blaise, a man of obscure origins, stands behind one of the most enduring healing traditions in all of Christianity. In the holy name of Blaise, two candles are crossed, X-shaped, and pressed against the neck to ward off and cure diseases of the throat. Oil and ashes, candles and flames, bread and wine, words and blessings. God's face does not appear in the ash cloud of a volcanic eruption or in a golden pile at the end of a rainbow. The Christian believes that God's salvation and healing power come through His Holy Mother, through His saints, and through the creation He molded in His own hands.

A believer doesn't believe in belief, any more than a soldier loves patriotism. A soldier loves his country, and a believer loves God.



And because the believer loves God, he loves a someone, not a something, and waits in line and shuffles forward, step by step, to the priest holding those X-shaped candles on today's feast. Saint Blaise is primarily a "northern" saint called upon to remedy mostly cold climate ills. Because it is usually winter, then, the believer adjusts his jacket collar, feels the milky wax candle against his tender throat, closes his eyes, and prays that the cough disappear, that his voice remain strong, or that the faintest lump turn out to be nothing at all.

Details of Saint Blaise's life are difficult to verify. Some traditions, dating from centuries after he lived, state that he was a bishop in Armenia, east of modern day Turkey. His reputation for holiness drew people to him in search of a cure for their infirmities. It is said that Blaise was tortured and murdered in an anti-Christian persecution. Every saint, no matter how remote his life or obscure his story, casts some light on the truths of our faith. The life of Saint Blaise and the tradition of throat healing that still surrounds him tell us that holy lives have power. His life tells us that holy people intercede for less holy people, and that the less powerful, the less wise, and the less good depend on the strong, the intelligent, and the good in order to leave their state of dependence, ignorance, and sin. In the same way that salvation is mediated, healing is as well. Whether through the skilled hands of a surgeon, the chemicals of a drug, or the intercession of a saint, healing comes. The many channels branch out from the one source who is God. We, the faithful, when fragile and afraid, patiently sit in the doctor's office for our name to be called, wait at the pharmacy counter for the prescription to be filled, or line up in church for the candles to rest softly on our clavicles. Healing is an offer, we are ripe to be cured, and any sacred intervention is welcome, no matter whence it comes.

Saint Blaise, many centuries ago you suffered for the same faith we now share with you. May we be ever united to you in our common Church, and may we be healed of all infirmities of the throat through your heavenly intercession.

Source: https://mycatholic.life/saints/saints-of-the-liturgical-year/february-3-saint-blase-bishop-and-martyr/

IKA-3 NG PEBRERO, HUWEBES IV

SAN BLAS,
obispo at martir

Panalangin sa Umaga

PASIMULA

Panginoon, buksan mo ang aking mga labi.
— At pupurihin ka ng aking bibig.

PAANYAYA SA PANALANGIN

Antipona: **Lumapit tayo sa Panginoon at awitan siya ng papuri.**

Salmo 95

Tayo ay lumapit sa 'ting Panginoon, Siya ay awitan,
Ating papurihan ang batong kublihan nati't kalakasan.
Tayo ay lumapit sa kanyang harapan na may pasalamat,
Siya ay Purihin ng mga awiting may tuwa at galak.
(Uulitin ang Antipona)

Sapagkat ang Diyos ay ang Panginoong napakadakila,
Ang dakilang Haring higit sa sinuman na binabathala.
Nasa kanyang palad ang buong daigdig. pati kalaliman,
Ang lahat ay kanya maging ang mataas nating kabundukan.
Kanya rin ang dagat at pati ang lupa na kanyang nilalang.
(Uulitin ang Antipona)

Tayo ay lumapit, sa kanya'y sumamba at magbigay-galang,
Lumuhod sa harap nitong Panginoong sa ati' y lumalang.
Siya ang ating Diyos, tayo ay kalinga niyang mga hirang,
Mga tupa tayong inaalagaan.
(Uulitin ang Antipona)

Ang kanyang salita ay ating pakinggan:
"Iyang inyong puso'y huwag patigasin,
Tulad ng ginawa ng inyong mga magulang
Nang nasa Meriba, sa ilang ng Masa.
Ako ay tinukso't doon ay sinubok ng inyong magulang,
Bagamat nakita ang aking ginawang sila' ng nakinabang.
(Uulitin ang Antipona)

Apatnapung taon, sa inyong ninuno ako ay nagdamdam,
Ang aking sinabi, "Sila ay suwail, walang pakundangan
At ang mga utos ko ay sinuway!"
Dahil sa galit ko, ako ay sumumpang di sila daratal,
Sa lupang pangakong aking inilaan."
(Uulitin ang Antipona)

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo;
Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan.
Amen.
(Uulitin ang Antipona)

AWIT

O Diyos ng liwanag, umaga ay dumatal,
Ang pangako mong pag-ibig sa amin ay ibigay.
Bawat bagong simula'y pagkakataong alay,
Hamog ang s'yang katulad, mula sa kalangitan.

Ang biyaya mo, Ama, ay hindi nagkukulang,
Ang Bugtong na Anak mo ay Pagkain ng buhay,
Ang Espiritung Banal, dulot ay pagmamahal,
Upang kaming 'yong anak, sa piling mo'y manahan.

Gawin kaming lingkod mo, ng 'yong kapayapaan,
Takot nami'y alisin, 'yong lakas ang ibigay;
Makapiling ka nawa, ngayo't sa buong araw,
Pagkat kung kasama ka, lahat ay kagalakan.

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: **Sa pagbubukang-liwayway, O Diyos, ako'y iyong kaawaan.**

Salmo 143:1-11
(Panalangin sa kapighatian)

Dinggin mo, O PANGINOON, ang aking dalangin,
Tapat ka't matuwid, kaya ako'y dinggin.
Itong iyong lingkod, h'wag mo nang subukin,
Batid mo nang lahat, kami ay salarin.

Ako ay inusig ng aking kaaway,
At ako ay lubos niyang napipilan;
Sa dilim na dako, ako ay nakulong,
Tulad ko'y patay nang mahabang panahon.
Ako ay handa nang magtaas ng kamay,
Sapagkat wala nang pag-asa ang buhay.

Araw na lumipas, aking nagunita,
At naalaala ang iyong ginawa,
Sa aking isipa'y gumuhit na bigla!
Ako'y dumalangin na taas ang kamay,
Parang tuyong lupa ang diwa kong uhaw.

Nawala nang lahat ang aking pag-asa,
Kaya naman, PANGINOON, ako'y dinggin mo na!
Kung ikaw'y magkubli, baka ang hantungan
Ako ay tanghaling malamig na bangkay,
At ang tunguhin ko'y madilim na hukay.

Ako ay umasa, sa 'yo nagtiwala,
Na kung umumaga'y ipagugunita
Yaong pag-ibig mo na lubhang dakila.
Ang aking dalangin na sa iyo'y hibik,
Patnubayan ako sa daang matuwid.

Ako ay umasang 'yong isasanggalang,
Kaya iligtas mo ako sa kaaway.
Ikaw ang aking Diyos, ako ay turuan
Na aking masunod ang 'yong kalooban;
Ang Espiritu mo'y maging aking tanglaw
Sa aking paglakad sa ligtas na daan.

Ikaw ay nangakong ako'y ililigtas,
Pagkat dakila ka, iligtas mo agad;
Iligtas mo ako sa mga bagabag.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: **Sa pagbubukang-liwayway, O Diyos, ako'y iyong kaawaan.**

Antipona 2: **Paaagusin ng Panginoon ang kapayapaan sa pamamagitan ng Jerusalem.**

Awit: Isaias 66:10-14a
(Ang kaligayahan ng langit)

Magalak ang lahat, magalak kayo dahil sa Jerusalem,
Ang lahat sa inyo na may pagmamahal,
Wagas ang pagtingin;
Kayo'y makigalak at makipagsaya,
Lahat kayong tumangis para sa kanya.

Tatamasahin ninyo ang kasaganaan niya
Tulad ng sanggol sa dibdib ng kanyang ina.

Sabi pa ng PANGINOON:
"Padadalhan kita ng walang katapusang pag-unlad.
Ang kayamanan ng ibang bansa
Ay dadaloy sa iyong tila agos ng ilog.

Ang makakatulad mo'y sanggol na buong pagmamahal
Na inaruga ng kanyang ina.
Aaliwin kita sa Jerusalem,
Tulad ng pag-aliw ng ina sa kanyang anak.

Ikaw'y magagalak pag nakita mo
Ang lahat ng ito,
Ikaw ay lalakas at lulusog.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: **Paaagusin ng Panginoon ang kapayapaan sa pamamagitan ng Jerusalem.**

Antipona 3: **Masaya nating purihin ang Panginoong ating Diyos.**

Salmo147:1-11
(Ang kagandahang-loob ng Diyos na makapangyayari sa lahat)

O kay buti ng umawit at magpuri sa ating Diyos,
Ang magpuri sa kanya'y tunay na nakalulugod.

Ang Lungsod ng Jerusalem, muli niyang ibabalik,
Sa kanyang mga lingkod, na natapon at nalupig.
Yaong mga pusong wasak ay kanya ring lulunasan,
Ang natamo nilang sugat, agad-agad tatapalan.
Alam niya't natitiyak ang bilang ng mga tala,
Isa-isang tinatawag, yaong ngalang itinakda;

Ang PANGINOON na ating Diyos ay dakila at malakas,
Ang taglay n'yang karunungan, ay walang makasusukat.
Yaong mapagpakumbaba'y siya niyang itataas.
Ngunit yaong mapaghambog sa lupa ay ibabagsak.
Umawit ng mga imno at ang PANGINOON ay purihin,
Purihin ang ating Diyos at ang alpa ay tugtugin.

Ang ulap sa kalangitan ay siya ang naglalatag,
Masaganang ulan naman ang sa lupa'y bumabagsak;
At ang damo'y binubuhay sa bundok at mga gubat.
Pagkain ng mga hayop ay siya ang nagbibigay,
May pagkain siyang dulot sa inakay na nasigaw.

Hindi siya nalulugod sa kabayong malalakas,
Kahit mga piling kawal hindi siya nagagalak.
Ngunit sa may pagkatakot, kasiyahan niya'y labis,
Sa kanilang may tiwala sa matatag n'yang pag-ibig.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: **Masaya nating purihin ang Panginoong ating Diyos.**

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(Roma 8:18-21)*

Sa ganang akin, ang mga pagtitiis sa kasalukuyan ay hindi maihahambing sa ihahayag na kaluwalhatiang sasaatin. Nananabik ang sangnilikha na ihayag ng Diyos ang kanyang mga anak. Nabigo ang sangnilikha, hindi sa kagustuhan nito, kundi dahil sa ito ang niloob ng Diyos. Gayunman, may pag-asa pa, sapagkat ang sangnilikha ay palalayain sa pagkaalipin nito sa kabulukan, at makakahati sa maluwalhating kalagayan ng mga anak ng Diyos.

TUGUNAN

Sa pagdating ng madaling-araw, Panginoon, ang iniisip ko'y ikaw.
— Sa pagdating ng madaling-araw, Panginoon, ang iniisip ko'y ikaw.

Lagi kang narito upang ako'y tulungan,
— Panginoon, ang iniisip ko'y ikaw.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— Sa pagdating ng madaling araw, Panginoon, ang iniisip ko'y ikaw.

PAPURING AWIT NI ZACARIAS

Antipona: **Panginoon, ituro sa iyong bayan ang landas ng kaligtasan at ang kapatawaran sa kanilang kasalanan.**

Purihin ang Panginoong Diyos ng Israel!
Sapagka't nilingap niya at pinalaya ang kanyang bayan.

At nagpadala siya sa atin ng isang makapangyarihang Tagapagligtas,
Mula sa lipi ni David na kanyang lingkod.

Ipinangako niya sa pamamagitan ng kanyang banal na propeta noong una,
Na ililigtas niya tayo sa ating mga kaaway,
At sa kamay ng lahat ng napopoot sa atin.

Ipinangako rin niya na kahahabagan ang ating mga magulang,
At aalalahanin ang kanyang banal na tipan.

Iyan ang sumpang binitiwan niya sa ating amang si Abraham,
Na ililigtas tayo sa ating mga kaaway,
Upang walang takot na makasamba sa kanya,
At maging banal at matuwid sa kanyang paningin, habang tayo'y nabubuhay.

Ikaw naman, anak, ay tatawaging propeta ng Kataas-taasan;
Sapagka't mauuna ka sa Panginoon upang ihanda ang kanyang mga daraanan,
At ituro sa kanyang bayanang landas ng kaligtasan,
Ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan.

Sapagka't lubhang mahabagin ang ating Diyos;
Magbubukang-liwayway sa atin ang araw ng kaligtasan.
Upang magbigay-liwanag sa mga nasa kadiliman at nasa ilalim ng kamatayan,
At patnubayan tayo tungo sa daan ng kapayapaan.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Manalangin tayo sa Diyos na nagkakaloob ng kaligtasan sa kanyang bayan:

lkaw, O Panginoon, ang aming buhay.

Purihin ka, Ama ng aming Panginoong Hesukristo,
dahil sa iyong awa, kami'y muling isinilang na may pag-asang nagbibigay-buhay,
— sa pamamagitan ng muling pagkabuhay ni Hesukristo mula sa mga patay.

Nilalang mo ang tao sa iyong larawan at pinapanibago sa pamamagitan ni Kristo,
— hubugin kaming matulad sa Anak mo.

Padaluyin sa amin ang pag-ibig sa pamamagitan ng Espiritung Banal,
— pagalingin ang aming mga pusong sinugatan ng alitan at tampuhan.

Sa araw na ito, pagkalooban ng gawain ang manggagawa,
ng pagkain ang nagugutom, ng saya ang mga namamanglaw,
— pagkalooban ng biyaya at kaligtasan ang sangkatauhan.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
dinggin mo kaming dumadalangin
kaisa ni San Blas, na iyong martir,
upang ang kapayapaan at pagkakasundo
ay makamtan namin araw-araw
at sa iyong paglingap sumapit nawa kami
sa walang maliw na buhay
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diakono)

Sumainyo ang Panginoon
At sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos
Ama, Anak at Espiritu Santo.
Amen.

(Kung walang pari o diakono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon,
iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
Amen.

Panalangin sa Takipsilim

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo.
— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Lahat ng nabubuhay, ngayon ay mag-awitan,
Pasalamatan ang D'yos, na sa ati'y lumalang,
Palagi s'yang kasama, at inaalagaan,
Hanggang sa huling araw, tayo'y ginagabayan.

Ilaw n'ya'y nangunguna, tanglaw sa hating-gabi,
Pinapawi ang dilim, anino'y walang silbi,
Batas ay katarungan, kalikasan ang saksi,
Araw, bundok at dagat, siya ang sinasabi.

Tayo'y dapat umawit, galak ay ipahayag
Siya'y ating sambahin, siya'y purihin ng lahat,
Tayo ay magkaisa, sa pagpapasalamat.
Osana at papuri, sa D'yos na ating lakas!

MGA ANTIPONA AT SALMO

Antipona 1: **Sa Diyos na aking kaginhawahan at aking sanggalang ako ay nagtitiwala.**

Salmo 144

(Panalangin para sa tagumpay at kapayapaan)

I

Purihin ang PANGINOON, na aking sanggalang,
Sa pakikibaka, ako ay sinanay;
Inihanda ako, upang makilaban.

Matibay kong muog at Tagapagligtas,
At aking tahanang hindi matitinag;
Tagapagligtas kong pinagtitiwalaan,
Nilulupig niya ang sakop kong bayan.

Ano ba ang tao, PANGINOON namin?
Siya'y tao lamang na 'yong pinapansin.
Katulad ay ulap na tangay ng hangin,
Napaparam siya na tulad ng lilim.

Langit mong tahanan ay iyong hubugin,
PANGINOON, lisanin mo't bumaba sa amin;
Mga kabundukan ay iyong hipuin,
Lalabas ang usok, aming mapapansin.
Ang maraming kidlat ay iyong suguin,
Lahat kong kaaway iyong pakalatin;
Sa pagtakas nila ay iyong tudlain!

Hawakan mo ako at iyong itaas,
Sa kalalimang tubig ako ay iligtas;
Ipagsanggalang mo't nang di mapahamak
Sa mga dayuhang may taglay na lakas,
Ubod sinungaling na walang katulad,
Kahit ang pangako ay sumpaing lahat.

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 1: **Sa Diyos na aking kaginhawahan at aking sanggalang ako ay nagtitiwala.**

Antipona 2: **Mapalad ang bayang ang Diyos ay ang Panginoon.**

II

O Diyos, may awitin akong bagung-bago,
Alpa'y tutugtugin at aawit ako.
Tagumpay ng hari ay iyong kaloob,
At iniligtas mo si David mong lingkod.

Sa mga malupit na aking kaaway,
Iligtas mo ako; sa kapangyarihan
Ng mga banyaga ay ipagsanggalang;
Sila'y sinungaling, di maaasahan,
Kahit may pangako at mga sumpaan.

Ang mga lalaki nating kabataan,
Lumaking matatag tulad ng halaman.
Ang kadalagaha'y magandang adorno,
Kahit saang sulok ng isang palasyo.

At nawa'y mapuno, mga bangan natin
Ng lahat ng uri ng mga pagkain;
At ang mga tupa'y magpalaanakin,
Sampu-sampung libo, ito'y paramihin.
Sana'y dumami rin yaong kawan natin,
At huwag maaagas ang kanilang supling;

Sa ating lansangan, sana'y mawala na
Ang mga panaghoy ng lungkot at dusa!
Mapalad ang bansang ito'y nangyayari
Mapalad ang bayang ang Diyos ay ang PANGINOON!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 2: **Mapalad ang bayang ang Diyos ay ang Panginoon.**



Antipona 3: **Nagsimula na ngayon ang matagumpay na paghahari ng Diyos.**

Awit: Pahayag 11:17-18; 12:10b-12a

(Ang hatol ng Diyos)

PANGINOONG Diyos na Makapangyarihan sa lahat,
Diyos sa kasalukuyan, at sa nakaraan,
Nagpapasalamat kami na ginamit mo
Ang iyong walang hanggang kapangyarihan
At nagpasimula ka nang maghari!

Nagngingitngit ang mga di kumikilala sa Diyos.
Ngunit dumating na ang panahon ng iyong poot,
Ang paghatol sa mga patay,
At pagbibigay ng gantimpala sa mga propetang lingkod mo,
At sa iyong mga hinirang,
Sa lahat ng may takot sa iyo, dakila ma't hamak.

Dumating na ang pagliligtas ng Diyos!
Ipinamalas na niya ang kanyang kapangyarihan bilang Hari!
Ipinamalas na ng Mesiyas ang kanyang karapatan!
Pagkat pinalayas na sa langit
Ang umuusig araw at gabi sa mga kapatid natin.

Nagtagumpay sila laban sa Diyablo
Sa pamamagitan ng dugo ng Kordero —
At ng kanilang pagsaksi sa katotohanan;
Hindi sila nanghinayang sa kanilang buhay.
Kaya't magalak kayo, kalangitan,
At lahat ng naninirahan diyan!

(Papuri sa Ama at…)

Antipona 3: **Nagsimula na ngayon ang matagumpay na paghahari ng Diyos.**

MAIKLING PAGBASA NG SALITA NG DIYOS

(Colosas1:21-23)

Dati, kayo'y malayo sa Diyos at naging kaaway niya dahil sa inyong kasamaan. Ngunit dahil sa kamatayan ni Kristo, ginawa niya kayong mga kaibigan upang makaharap sa kanya nang walang kapintasan, banal, at walang batik. Subalit kailangan kayong manatiling tapat at matatag sa inyong pananampalataya at huwag bayaang mawala ang pag-asang dulot ng Mabuting Balita na inyong narinig. Niloob ng Diyos na akong si Pablo ay maging tagapangaral ng Mabuting Balitang ito na ipinapahayag sa lahat ng tao.

TUGUNAN

Ang Panginoon ang aking pastol, hindi ako magkukulang.
— Ang Panginoon ang aking pastol, hindi ako magkukulang.

Handog niyang himlayan sa aki'y sariwang pastulan,
— hindi ako magkukulang.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo.
— Ang Panginoon ang aking pastol, hindi ako magkukulang.

PAPURING AWIT NI MARIA

Antipona: **Kung nauuhaw kayo sa kabanalan, pupunuin ng Diyos ang inyong pagnanasa, tamang sukat at nag-uumapaw pa.**

Ang puso ko'y nagpupuri sa Panginoon,
At nagagalak ang aking espiritu dahil sa Diyos na aking tagapagligtas.
Sapagka't nilingap niya ang kanyang abang lingkod!

At mula ngayon, ako' y tatawaging mapalad ng lahat ng salinlahi,
Dahil sa mga dakilang bagay na ginawa sa akin ng Makapangyarihan
Banal ang kanyang pangalan!

Kinahahabagan niya ang mga may takot sa kanya,
Sa lahat ng sali't saling lahi.

Ipinakita niya ang lakas ng kanyang mga bisig,
Pinangalat niya ang mga palalo ang isipan.

Ibinagsak niya ang mga hari mula sa kanilang trono,
At itinaas ang mga nasa abang kalagayan.

Binusog niya ng mabubuting bagay ang mga nagugutom,
At pinalayas niyang wala ni anuman ang mayayaman.

Tinulungan niya ang kanyang bayang Istael,
Bilang pagtupad sa pangako niya saating mga magulang,
Kay Abraham at sa kanyang lahi, magpakailanman!

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)

PANGKALAHATANG PANALANGIN

Manalangin tayo kay Kristo, ang liwanag ng mga bansa at kagalakan ng bawat nilalang:

Panginoon, bigyan kami ng kaliwanagan, kapayapaan, at kaligtasan.

Maningning na Liwanag at Salita ng Ama, bumaba ka sa lupa upang iligtas ang mga tao,
— akayin ang mga nagnanais maging kaanib ng iyong Simbahan
sa liwanag na dulot mo.

Iyo nang limutin, Panginoon, ang aming mga kasalanan,
— pagkat ikaw ang pinagmumulan ng kapatawaran.

Panginoon, niloob mo na gamitin ng tao ang kanyang isip
upang malaman ang hiwaga ng kalikasan at mamahala sa sandaigdigan,
— makapagdulot nawa sa iyo ng dangal ang sining at agham
at makapagbigay lugod sa sangkatauhan.

Kalingain ang mga nag-alay ng kanilang buhay para sa paglilingkod sa kapwa,
— maisakatuparan nawa nila ang kanilang mga gawain nang ganap at malaya.

Panginoon, binuksan mo ang pinto ng kaligtasan
at walang sinumang makapagpipinid nito kailanman,
— akayin sa iyong kaluwalhatian ang mga yumaong umaasa ng muling pagkabuhay.

AMA NAMIN

PANGWAKAS NG PANALANGIN

Ama naming makapangyarihan,
dinggin mo kaming dumadalangin
kaisa ni San Blas, na iyong martir,
upang ang kapayapaan at pagkakasundo
ay makamtan namin araw-araw
at sa iyong paglingap sumapit nawa kami
sa walang maliw na buhay
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
Amen.

PAGHAYO

(Kung may pari o diakono)

Sumainyo ang Panginoon
— At sumaiyo rin.

Pagpalain kayo ng Makapangyarihang Diyos
Ama, Anak at Espiritu Santo.
— Amen.

(Kung walang pari o diakono)

Pagpalain nawa tayo ng Panginoon,
iligtas tayo mula sa lahat ng kasamaan
at akayin tayo sa buhay na walang hanggan.
— Amen

Panalangin sa Gabi

PASIMULA

O Diyos, halina at ako'y tulungan.
— O Panginoon, magmadali ka sa iyong pagdamay.

Papuri sa Ama, at sa Anak, at sa Espiritu Santo,
— Kapara noong una, ngayon at magpasawalang hanggan. Amen.

AWIT

Sa paglipas ng maghapon, kami'y nagdarasal;
Ipadala nawa ang 'yong Espiritung Banal,
Pinasasalamatan ang iyong kabutihan,
Pupurihin kang lagi ng puso't kalooban.

O Mabuting Pastol, tunghayan ang iyong kawan.
Iunat sa 'min ang mapagpagaling mong kamay
Upang kami'y ingatan sa aming pagkahimlay.
Ang tanging panalangi'y iyo sanang bantayan.

Antipona: **Sa iyo, aking Diyos na Makapangyarihan, mapapanatag nang may pag-asa ang aking katawan.**

Salmo 16
(Ang Diyos ang aking bahagi, ang aking mana)

O Diyos, ako'y ingatan mo, ingatan ang iyong lingkod,
Ang hangad ko ay maligtas kaya sa 'yo dumudulog;
"Ikaw'y aking PANGINOON," ang wika ko sa aking Diyos,
"Kabutihang tinanggap ko, ay ikaw ang nagkaloob."

Mga lingkod ng PANGINOON ay dakila't mararangal!
Ligaya na ng sarili ang sila ay makapisan.
Silang bumaling sa ibang diyos, sulirani'y abut-abot,
Sa pagsambang gawi nila, ako ay hindi lalahok.

Ikaw lamang, O PANGINOON ko, ang lahat sa aking buhay,
Ako'y iyong tinutugon sa lahat kong kailangan;
Ang biyayang kaloob mo ay kahanga-hangang tunay,
Kay inam ng kaloob mong sa akin ay ibinigay!

Pinupuri ko ang PANGINOON na sa akin ay patnubay,
Kahit gabi diwa niya ang sa aki'y umaakay.
Nababatid ko na siya'y kasama ko oras-oras,
Sa piling n'ya kailanma'y hindi ako matitinag.

Kaya't ako'y nagdiriwang, ang diwa ko'y nagagalak,
Ang lagi kong nadarama'y hindi ako matitinag.
Pagkat di mo tutulutang ang mahal mo ay malagak,
Sa balon ng mga patay upang doon ay maagnas.

Ituturo mo ang landas na buhay ang hahantungan,
Sa piling mo'y madarama ang lubos na kagalakan;
Ang tulong mo'y nagdudulot ng ligayang walang hanggan.

(Papuri sa Ama at...)

Antipona: **Sa iyo, aking Diyos na Makapangyarihan, mapapanatag nang may pag-asa ang aking katawan.**

PAGBASA NG SALITA NG DIYOS *(1 Tesalonica 5:23)*

Nawa'y lubusan kayong pabanalin ng Diyos na siyang nagbibigay ng kapayapaan. At nawa'y panatilihin niyang walang kapintasan ang buo ninyong katauhan — ang espiritu, kaluluwa, at katawan — hanggang sa pagparito ng ating PANGINOONG Hesukristo.

TUGUNAN

Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Tinubos mo kami, Panginoong Diyos ng katotohanan,
— inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

Papuri sa Ama, at sa Anak at sa Espiritu Santo,
— Sa iyong mga kamay, Panginoon, inihahabilin ko ang aking kaluluwa.

PAPURING AWIT NG EBANGHELYO

Antipona: **Habang kami'y gising, Panginoon, kami ay ingatan; bantayan kami habang kami'y nahihimlay; upang sa paggising, manatili kaming kasama ni Kristong nagbabantay, at sa pagtulog, makapahinga kami sa kanyang kapayapaan (aleluya).**

Kunin mo na, Panginoon ang iyong abang alipin,
Ayon sa iyong ipinangako:

Yamang nakita na ng aking mga mata ang iyong pagliligtas,
Na inihanda mo para sa lahat ng bansa:

Liwanag itong tatanglaw sa mga Hentil,
At magbibigay karangalan sa iyong bayang Israel.

(Dadasalin ang Papuri at uulitin ang Antipona)



PANGWAKAS NA PANALANGIN

Panginoong Diyos,
gawaran kami ng mapayapang pagkahimlay
upang palakasin ang aming mga pagod na katawan.
Panibaguhin nawa kaming lagi ng iyong pagsaklolo
at panatilihin kaming matatag sa paglilingkod sa iyo.
Hinihiling namin ito sa pamamagitan
ni Kristong aming Panginoon.
Amen.

PAGHAYO

Gawaran nawa tayo ng Makapangyarihang Diyos
ng gabing panatag at mapayapang pagkahimlay.
— Amen.

AWIT O PANALANGIN NG PAPURI KAY MARIA

Aba Ginoong Maria, napupuno ka ng grasya.
Ang Panginoong Diyos ay sumasaiyo.
Bukod kang pinagpala sa babaeng lahat
At pinagpala naman ang iyong Anak na si Hesus.

Santa Maria, Ina ng Diyos,
Ipanalangin mo kaming makasalanan
Ngayon at kung kami'y mamamatay. Amen.